

# BATAS NG NSW KAUGNAY NG ALARMA SA USOK

Fact Sheet 11A – Community Risk Management. Revised 25/11/2005 - Tagalog

- NSW FIRE BRIGADES
- NSW RURAL FIRE SERVICE
- ACT FIRE BRIGADE
- ACT RURAL FIRE SERVICE

## ATOTOHANAN

Simula sa Mayo 1, 2006, lahat ng naninirahan sa NSW ay kinakailangang magkaroon sa kanilang mga tahanan ng isa man lamang na gumaganang alarma sa usok. Kabilang dito ang mga ari-ariang paupahan, mga tahananang tinitirahan ng kanilang may-ari at mga pansamantalang panuluyan.

### Ang posisyon ng Mga Brigadang Pangsunog – NSW tungkol sa alarma sa usok ay:

- Lahat ng mga alarma sa usok na nakakabit sa pamahayang panuluyan sa buong NSW ay kailangang alinsunod sa **AS3786** o **AS 12239**
- Ang mga alarma sa usok ay nakakabit ayon sa tagubilin ng mga gumawa nito, at matatagpuan sa lugar na ayon sa Kodigong Panggusali ng Australya at sa mga tagubilin ng mga gumawa ng nasabing alarma
- Higit na pipiliin ang mga de-koryenteng alarma sa usok, sa dahilang ang mga alarma sa usok na umaasa lamang sa lakas ng bateryang may 9 na boltahe ay nagbibigay lamang ng proteksiyon kung ang mga ito ay ikinabit nang maayos at palagiang pinapalitan
- Ang mga alarma sa mga tahanan pang-isahan (Klase 1 na mga gusali) ay inilalagay sa labas ng mga lugar na ginagamit sa pagtulog at sa lahat ng daanan sa pagitan ng mga lugar na ginagamit sa pagtulog at mga pintuan patungo sa labas
- Ang mga alarma sa mga gusaling mayroong dalawa (2) o mahigit na hiwalay na panuluyan, tulad ng mga tahananang yunit, ay inilalagay sa labas ng mga lugar na ginagamit sa pagtulog at sa lahat ng daanan sa pagitan nito at mga pintuang labasan sa mga pasilyong ginagamit ng lahat
- Ang mga alarma sa mga panuluyang may maraming palapag, karagdagan sa mga nabanggit na kondisyon sa itaas, ay inilalagay sa daanan sa pagitan ng bawat isang palapag ng gusali
- Tiyakin na ang mga alarma sa usok ay nakapuwesto nang tama upang maiwasan ang posibleng epekto sa kanilang pagtakbo ng mga kagamitang pangpalamig ng hangin, mga pangpainit, mga bentilador at iba pang mga kasangkapang ginagamit sa pagkontrol sa temperatura
- Kung maaari ay maglagay ang mga may-ari ng bahay ng mga alarma sa usok na gumagamit ng photo-electric o ionization
- Katungkulan ng may-ari ng gusali o ng propetyaryo ng mga panuluyang paupahan ang magkabit ng alarma
- Ang mga alarma sa usok na gumagamit ng 240 boltahe ay dapat ikabit ng lisensiyadong elektrisyan, at ang mga alarma na gumagamit ng 9 boltahe ay maaaring ikabit ng sinumang may kakayahan kahit hindi lisensiyadong elektrisyan
- mga pansamantalang panuluyan na kung saan ang mga alarmang gumagamit ng 240 boltahe ay hindi maaaring ikabit o di-praktikal (tulad ng mga tolda, bangka, o karaban), maaaring gumagamit ng alarma sa usok na pinapatakbo ng baterya
- Sa mga pansamantalang panuluyan, ang mga alarma sa usok ay dapat ikabit sa lahat ng mga lugar na ginagamit sa pagtulog
- Ang batas ay nagpapahintulot sa isang propetyaryo o ahente ng propetyaryo na pumasok sa loob ng mga pamahayang panuluyan para magkabit ng alarma sa usok sa kondisyon na ang nangungupahan ay nabigyan ng paunawang hindi kukulangin sa dalawang (2) araw
- ungkulan ng mga propetyaryo na magsuplay ng mga alarma sa usok at mga baterya at magkabit nito
- Katungkulan ng mga nangungupahan ang pagmamantina ng mga alarma sa usok. Kabilang dito ang pagsusuri at paglilinis nito

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TAWAGAN ANG IYONG LOKAL NA ISTASYONG PANGSUNOG O SENTRO NG PAGKONTROL SA SUNOG

o bumisita sa: [www.fire.nsw.gov.au](http://www.fire.nsw.gov.au) [www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au)